# Pagsasakonteksto sa Kasalukuyang Suliraning Panlipunan sa Noli Me Tangere Tungo sa Pagbuo ng Mungkahing Materyal sa Pagtuturo

Erika Joy F. Faz[1], Ayessa Mae C. Mantos[1], Benedict D. Pagsaligan[1], Ann Loraine R. Tañeca[1], Jhamaica T. Villamero[1], and Jayson P. Denaga[2],

[1]College of Education, Rizal Technological University, Mandaluyong City, Philippines
[2]College of Arts and Sciences, Rizal Technological University, Mandaluyong City, Philippines

**Abstract**– Ang pag-aaral na ito ay pagsasakonteksto sa mga suliraning panlipunan sa nobela ni Dr. Jose Rizal na Noli Me Tangere tungo sa pagbuo ng mungkahing materyal sa pagtuturo nito. Binigyang-diin ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ang iba't ibang representasyong panlipunan ng mga tauhan sa kasalukuyan, mga halagahang Pilipino sa kasalukuyan na tinalakay sa nobela, suliraning panlipunan sa lokal at global na komunidad na sinasalamin ng nobela, at mungkahing materyal sa pagtuturo nito bilang mga suliranin na tinugunan. Ang pananaliksik na ito ay isang kuwalitatibong pag-aaral na ginamitan ng deskriptibong metodolohiya. Gumamit ng content analysis na instrumento ang mga mananaliksik na naging pangunahing gabay sa pagsusuri ng nobela gamit ang paraang close readings. Sa naisagawang pag-aaral natuklasan ng mga mananaliksik na may ilan sa mga tauhan na nagpapakita ng positibo at negatibong representasyong panlipunan na makikita pa rin sa kasalukuyan, nakita rin dito ang ilang mga halagahang Pilipino na naging parte na ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino at ang mga suliraning lokal at global na makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan na kakikitaan ng malaking epekto sa kabuuang lipunang Pilipino. Sa isinagawang pag-aaral nakita ng mga mananaliksik ang kaangkupan ng offline module likha gamit ang Kotobee Author Application bilang mungkahing materyal sa pagtuturo ng suliraning panlipunan na makikita sa Noli Me Tangere. Naipakita na ang mga tauhan at halagahang Pilipino sa nobelang Noli Me Tangere ay mayroong positibo at negatibong pagrerepresenta sa lipunan, at naipakita sa pagsusuri na mayroon itong kaugnayan sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino dahil nararanasan pa rin ito sa kasalukuyan. Kabahagi naman nito ay ang kahalagahang Pilipino na hindi nawala at patuloy na isinasabuhay ng mga Pilipino ang mga gawi, paniniwala, aral, at iba pa. Sa bahagi ng suliraning lokat at global, malaki ang epekto at kaugnayan nito sa bawat isa gayon din sa lipunang Pilipino. Ang mga suliraning lokal at global tulad ng pang-aabuso sa kapangyarihan at sa kabataan at kababaihan at kawalan ng hustisya ay ilan lamang sa mga suliraning lokal at global na tinatalakay sa nobela na siyang dapat matutuhan at maunawaan ng mga mag-aaral na ang mga suliraning mayroon sa nobela at sa tunay na lipunan. Dagdag pa, tunay ngang angkop ang paggamit ng Kotobee Author Application sa paglikha ng kagamitang panturo para sa mga guro at mag-aaral sa pagtalakay ng nobelang Noli Me Tangere. Ito ay upang maging makabago at makabuluhan ang pag-aaral ng mga mag-aaral at nang sa gayon ay mapukaw ang kanilang interes sa pag-aaral ng nobela ni Rizal na Noli Me Tangere.

***Keywords–*** *pagsasakonteksto, noli me tangere, offline module, kotobee author application*

## INTRODUCTION

Ang panitikan ang humubog ng kamalayan ng mga mamamayan sa kasaysayan, at ang nagtatala ng mga mahahalagang pangyayari sa lipunan. Sa kilalang kasabihan, "ang panitikan ay salamin ng buhay" ito ay nagsisilbing representasyon sa tunay na kaganapan sa lipunan partikular na ang iba't ibang kalagayan ng mga mamamayan. Ayon kay Nibalvos (2019), malaki ang tungkuling nagagawa ng panitikan upang hubugin ang kamalayan at pagkakakilanlan ng identidad ng mga mamamayan, sapagkat nakatutulong ito upang pukawin ang kaisipan ng mga mamamayan partikular na sa larangan ng edukasyon.

Isa sa pinakamatagumpay na nobela na naglahad ng karanasan ng mga Pilipino sa panahon ng pananakop ay ang Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal; na isa sa naging hudyat upang maisakatuparan ang rebolusyon sa pagitan ng mga Pilipino at Espanyol. Ayon kay Clarisse (2019), ang nobelang Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal ay hango sa totoong buhay na nagbukas sa mga mata ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Kastila upang simulan ang rebolusyon at ibagsak ang mga mananakop na Espanyol. Ang mga isyung panlipunan na isiniwalat sa nobela ay umiiral hanggang sa kasalukuyan na nakaapekto sa ating lipunan katulad ng katiwalian, kawalang-katarungan, kahirapan, at pang-aabuso. Kaya naman, nararapat na mabasa ng mga mag-aaral ang nobelang ito upang pagnilayan ang mga kilos at paniniwala para sa bansa bilang mga Filipino. Inilahad naman sa pananaliksik ni Nibalvos (2019) ang ganito:

> *Dito niya inilahad ang pagmamalupit ng mga mananakop sa mga kababaihan at kabataan tulad nina Sisa, Crispin, at Basilio; kung paano minaliit ng mga puti at angat sa lipunan tulad nina Doña Victorina, Doña Consolacion, at mga prayle, ang mga Indio o mga Pilipino; at kung paano hinamak ng kanyang mga pan-*

*garap at pag-ibig si Crisostomo Ibarra (p. 100-101).*

Sa nobela, makikita sa ilang tauhan ang mga karanasan ng mga Pilipino at kalagayan sa ilalim ng pamamahala ng mga Espanyol. Ipinaliwanag din na si Rizal ay nananatiling may kaugnayan kahit sa ika-21 na siglo, maraming sakit sa lipunan ang kaniyang nilabanan at patuloy na hindi pantay na pagtrato sa mga kolonisadong bansa, sapagkat nangingibabaw pa rin ang pagiging neokolonyalismo. Sa kabilang banda, ang kabayanihan ni Rizal ay isang testamento na ang paniniil ay hindi kailanman ganap na masusupil ang mga lehitimong demokratikong adhikain. Bagaman si Rizal ay pinakakilala sa pagbibigay-diin sa kahalagahan ng edukasyon at sa intelektuwal na pag-unlad ng isang lipunan, kadalasang nakalilimutan kung gaano kahalaga ang pagkakaroon ng kolektibong kaalaman kaysa sa isang makasariling mithiin, paghahanap ng kadakilaan, at hindi pinag-iisipan na plano sa buhay. Kaya naman maging sa kasalukuyan ay danas pa rin ng bawat mamamayang Pilipino ang hindi makatarungang pagtrato. Idagdag pa ang kawalan ng hustisya, pang-aapi, pagpatay, at pang-aabuso. Ayon naman kay John Schumacher, *"as long as the writings of Rizal continue to be read, and Filipinos continue to reflect on the kind of society their forefathers wanted to create, Rizal's thoughts will continue to be subversive of all societies which fail to bring justice and freedom to the Filipino people"* (Albela & Hila, 2020). Malaking bagay bilang pundasyon ng pag-aaral na ito ang pagtatag ng Republic Act. 1425 Rizal Law o Ang Batas Rizal na pinangunahan ni Jose P. Laurel noong ika-12 ng Hunyo 1956 at tinawag itong House Bill No. 5561 na pinamunuan ni Jacobo Gonzales at Senate Bill No. 4638 na pinamunuan ni Sen. Claro M. Recto. Hindi naging madali ang pagpapatupad ng Batas Rizal ng mga lider ng gobyerno. Mahabang proseso ang pinagdaanan ng panukalang batas na ito bago ito naging batas. Ang layunin ng Batas Rizal ay maisaad ang kahalagahan na muling buhayin ang kalayaan at nasyonalismo upang malaman kung para saan at bakit ang ating mga bayani ay nabuhay at nag-alay ng kani-kanilang buhay para sa bayan. Dagdag pa, binibigyang-parangal ang pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal at ipinaaalala sa mga Pilipino ang mga nagawa at pinaglaban para maging malaya ang Pilipinas. Nakasaad sa batas na ito ang tungkol sa pang-akademyang institusyon, mapakolehiyo o sekondarya man, pribado man o pampublikong paaralan na kinakailangang isama sa kurikulum ang pag-aaral sa mga ginawang akda ni Rizal, kabilang dito ang dalawang tanyag na nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Para maisakatuparan ito, itinakda sa K to 12 kurikulum ng Department of Education (DepEd) sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan partikular na ang Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang sa sekondarya (Mabalhin, 2020).

Sa pagtuturo ng nobela, suliranin ang kakulangan ng mga instruksyunal na materyal sa pagtuturo ng nobelang ito at isama pa ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral tungo sa pagkatuto nito. Ayon nga kay Dr. Jose Rizal, "ang kabataan, ang pag-asa ng bayan" subalit, mayroong kontradiksyon ang kasalukuyang kalagayan na nararanasan nila ngayon. Pagdating sa pagtuturo ng nobela ni Rizal partikular na sa antas ng sekondarya ay kinahaharap ng ilang guro ang ilang mga suliranin; Una, ang nobela ay hindi natatapos sa loob ng dalawa o tatlong buwan at ang mga ginagamit na pedagohiya ay hindi nakasasapat sa paglinang ng kaalaman ng mga estudyante (Tugano, 2021). Sa pagtuturo ng nobela ni Rizal, hindi lamang naratibo at nilalaman ang tinutungo ng mga panitikan kundi maging ang kasaysayan at kasalukuyan. Isinaad pa sa pananaliksik na ito na madalas makaligtaan ng ilang mga guro sa kanilang pagtuturo ng nobelang historikal ang pagmulat sa mga mag-aaral ng tendensiya na ang obrang pampanitikan ay minsa'y nakaugat sa katotohanan. Natatanaw na ang reyalidad ng pedagohiya sa karamihang mga guro ay mas kumakatig sa mga malikhaing paraan kung ihahambing sa tradisyonal na pagtrato. Mas praktikal kung tutuusin ang ganoong metodo ng pagtuturo lalo na sa mga nobelang historikal. Sa pag-aaral na ito, ang binigay na ideya ni Grant Rodwell ay maaaring matutuhan ang kabuoang konteksto at konsepto ng mga obrang pampanitikan sa pamamagitan ng interpersonal na mga gawain gaya ng mga dula, sining-biswal, pelikula, pagkanta, pagsayaw, o hindi kaya'y pagsusulat mismo ng mga nobela bilang aplikasyon; ang pagbisita sa mga museo bilang pagdanas ng proksimidad ng kasaysayang inaaral. Ang paggamit ng iilang guro ng ibang materyal na nagsasagawa ng iba pang paraan gaya ng graphic narratives o nilikhang termino sa pagsasama ng komiks at nobelang grapik. Gayundin ang pagsusulat ng iskrip at naratibong may kalakip na mga larawan na makatutulong sa mag- aaral upang maunawaan ang isang nobela (Tugano, 2021).

Sa mga resultang ito patungkol sa kakulangan ng oras sa pagtuturo ng Noli Me Tangere at kawalan ng interes ng mga mag-aaral, binigyang pansin ng pag-aaral na ito ang magkaroon ng mungkahing materyal na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro nang sa gayon ay matugunan ang kanilang pangangailangan. Kaugnay ng nabanggit, ang mungkahing aplikasyon ay sinuportahan ng edtech, tuon sa cognitive theory ni Jean Piaget. Sa artikulo nina Ertmer at Newby (2013) ang cognitive theory ay binigyang-diin ang pagbibigay ng makabuluhang kaalaman sa mag-aaral upang matulungan silang makapag-organisa ng mga bagong impormasyon mula sa umiiral nilang kaalaman.

Isa ang Kotobee Platforms sa mga interaktibong pagkatuto na naimbento at inilunsad noong 2016. Ayon kay Siano and Potane (2021), *"students are inspired in learning when interactive learning e-books are employed. The digitized interactive learning e-book provided students with an exceptional learning opportunity. Using Self-learning Modules via the Kotobee reader develops students' sufficient academic learning"*. Ang mga elektronikong libro ay bahagi ng paglipat mula sa papel tungo sa mga elektronikong mga libro. Ayon naman kay Goneda et al. (2021), ang paraan sa pagdidikit ng teknolohiya sa edukasyon ay paggamit ng mga interaktibong e-learning na disenyo na maaaring magpalakas ng pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa asynchronous distance learning. Bilang resulta, ma-

halaga na baguhin ang estilo ng pagkatuto at tradisyonal na pamamaraan na ginagamit ng mga institusyong pang-edukasyon upang mapataas ang interes sa pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ang pangangailangan para sa mga guro na bumuo at gumawa ng mga kagamitang panturo ay mahalaga upang malaman ang agwat ng pagkatuto ng bawat mag-aaral (Luzano, 2020). Para naman kay Kathleen Espiña, ang mga elektronikong kagamitang panturo ay makikita sa Kotobee e-book na makatutulong sa mga mag-aaral na lubusang maunawaan ang isang aralin (Tusoy, 2023). Bukod sa interaktibo at ginagamit sa pang-araw-araw na talakayan ang Kotobee Platform, nagbibigay ito ng ideya sa mga tao at nagiging instrumento ang platapormang ito para sa mabilis at madaling pagdaragdag ng mga lektura. Mayroon na ring mga ready-made templates, mga larawan, at mga bidyo na maaaring gamitin ng mga guro at mag-aaral dito. Dagdag pa, ang mga nakapaloob sa Kotobee platform na mga mini-app ay maaaring gamitin sa talakayan o sa mga pangkatang gawain para sa mga mag-aaral.

Dahil sa pandemya, umusbong ang mga *digitalized module* kaya mahalaga ang mga *devices* sa pag-aaral para sa madaling akses ng mga modyul, bidyo ng pagtuturo, at mga aktibidad na kailangang sagutan. Sa patuloy na pag-unlad ng dumaraming sopistikadong teknolohiya dahil nagkaroon ng *distance learning system*, mahalaga sa Department of Education o DepEd na magkaroon ng mga ganitong aplikasyon na magagamit sa bawat talakayan. Hinalimbawa rito ang Kotobee Platform na para sa mga guro ito ang madaling gamitin at makahihikayat sa makabuluhan, nakaeengganyo, at kawili-wiling paraan upang matuto ang bawat mag-aaral. Isa sa pinakamahalagang interactive learning e-book na malawakang ginagamit ngayon ay ang Kotobee Author, isang software program na binuo ng Microsoft. Sa pamamagitan ng mga e-book, ang mga guro ay maaaring bumuo ng isang interaktibong elektronikong libro na may audio-visual, 3D widgets, mga tanong at sagot, at iba pang elemento. Nagbibigay ito sa mga mag-aaral ng nakaeengganyong karanasan sa pamamagitan ng paglalaro ng mga touch-based na laro, pagsagot sa mga tanong sa pagsusulit, at kahit na paglahok sa mga botohan o pagsusumite ng komento o opinyon (Attwell, 2019). Ang paggamit ng mga elektronikong libro sa pagtuturo ay ginagawang mas kapanapanabik na mga aralin at nagpapaisip sa mga mag-aaral tungkol sa kanilang pag-aaral. Ang paggamit ng e-book ay naging mas madali para sa mga mag-aaral at guro na makapag-usap sa isa't isa (Nguyen et al., 2021).

Ang pananaliksik na ito ay pinamagatang "Pagsasakonteksto sa Kasalukuyang Suliraning Panlipunan sa Noli Me Tangere Tungo sa Pagbuo ng Mungkahing Materyal sa Pagtuturo". Ang pag-aaral na ito ay sinuportahan ng Sociology of Literature. Ayon sa aklat ni Meiliana (2019), ito ay hinugot mula sa teoryang realismo at pragmatiks na tumutukoy sa pagsasalamin ng panitikan sa tunay na lipunan. Kaugnay nito, nilayon ng mga mananaliksik na suriin ang iba't ibang representasyong panlipunan ng mga tauhan sa kasalukuyan sa Noli Me Tangere; ang halagahang Pilipino na mayroon ang nobela; at mga kasalukuyang suliraning panlipunan. Ang mga ito ay nagsilbing basehan upang imungkahi ang materyal sa pagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral tungo sa kanilang kaunlaran tungkol sa nobelang Noli Me Tangere. Dagdag pa, ang mungkahing aplikasyon ay makatutulong bilang kagamitang pampagtuturo para sa umuuland na kurikulum ng bansa kung saan madaling matututuhan ng mga mag-aaral ang literatura sa larang ng Filipino at lagay ng lipunan sa larang ng Araling Panlipunan.

### A. *Paglalahad ng Suliranin*

Nilayon ng mga mananaliksik na maisakonteksto ang mga suliraning panlipunan sa Noli Me Tangere at makabuo ng mungkahing materyal sa pagtuturo nito. Kaugnay ng nabanggit, tinugunan ang mga sumusunod na tiyak na suliranin.

1. Ano-ano ang iba't ibang representasyong panlipunan ng mga tauhan sa kasalukuyan sa Noli Me Tangere?
2. Ano-ano ang mga halagahang Pilipino sa kasalukuyan ang tinatalakay ng Noli Me Tangere?
3. Ano-anong suliraning panlipunan sa lokal at global na komunidad ang sinasalamin ng nobela?
4. Anong mungkahing materyal sa pagtuturo ang angkop sa pagtatalakay sa mga suliraning panlipunan?

## METHODOLOGY

Nakatala sa bahaging ito ang pamamaraan at instrumento na ginamit sa pananaliksik, balidasyon ng instrumento, pangangalap ng datos, at pagsasaalang-alang sa pamantayang etikal. Inilahad rito ang mga mahahalagang bagay na nakatulong sa pagsasakatuparan ng mga suliranin ng pananaliksik.

### A. *Research Design*

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong pananaliksik. Ang mga mananaliksik ay nangolekta at sumuri ng mga non-numerical datas upang maunawaan ang bawat konsepto, opinyon, at karanasan gayundin ang pangangalap ng malalim na pagtalakay sa mga suliranin na makatutulong sa pagbuo ng panibagong ideya ng pananaliksik (Bhandari, 2022). Ginamit ng mga mananaliksik ang pagsusuri bilang paraan sa pagsasakonteksto ng kasalukuyang suliraning panlipunan sa nobelang Noli Me Tangere. Nagsuri ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng pagbabasa sa nobela. Sa pamamagitan nito, mas nabigyan pa ng malinaw at sistematikong pagsusuri ang nobelang Noli Me Tangere na nakatulong sa mga mananaliksik upang maunawaan ang ugnayan sa kasalukuyang suliraning panlipunan ng nasabing akda.

### B. *Data Collection*

Ang unang hakbang na ginawa ng mga mananaliksik ay ang paglapit sa mga gurong nagtuturo ng Noli Me Tangere

sa sekondarya upang humingi ng rekomendasyon hinggil sa librong susuriin. Mula sa rekomendasyon na ito, ang mga mananaliksik ay bumili ng kopya ng mismong libro at edisyon ng Noli Me Tangere na inirekomenda ng guro mula sa Ilaya Barangka Integrated School. Tiniyak din ng mga mananaliksik na makapagpaalam mula sa tagapaglathala ng librong ginamit. Bahagi rin ng pangangalap ng datos at pagpapabalido ng instrumentong ginamit. Ang mga mananaliksik ay nagpasa ng liham para sa mga guro na silang magbabalido ng instrumentong gagamitin ng mga mananaliksik. Sumunod ay lumikha ng content analysis instrument ang mga mananaliksik na angkop at gagabay sa pagsusuri at naging balido ito sa tulong ng tatlong guro na nagtuturo ng Noli Me Tangere sa Sekondarya sa Ilaya Barangka Integrated School at Mataas na Paaralang Neptali A. Gonzales. Matapos ito, ang mga mananaliksik ay nagbasa sa paraang close readings ng nobelang Noli Me Tangere upang masuri nang wasto. Dito, pinagtuunan ng mga mananaliksik ang representasyong panlipunan ng mga tauhan sa kasalukuyang panahon gayundin ang mga halagahang Pilipino at suliraning panlipunan sa lokal at global na komunidad na kasalukuyang sinasalamin ng nobela.

Ito ay proseso upang masagot ang ilang mga suliranin na mayroon ang pag-aaral na ito. Matapos naman ito ay isinaayos ng mga mananaliksik ang mga datos ng pagsusuri sa pamamagitan ng pagkokoda sa separadong talahanayan na naging gabay sa paglalapat ng mga tugon sa bawat suliranin. Dagdag pa, nangalap din ng datos ang mga mananaliksik mula sa iba't ibang pag-aaral upang malaman ang estado o lebel ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng nobelang Noli Me Tangere. Ito ay upang malaman ang mga dapat isaalangalang sa pagsasakatuparan at pagbuo ng mga mananaliksik ng isang epektibong mungkahing materyal sa pagtuturo ng nasabing nobela.

### C. *Ethical Considerations*

Alinsunod sa Republic Act 8293 o Intellectual Property Code of the Philippines, ang mga mananaliksik ay marapat lamang na ingatan at ipabatid sa mga mambabasa ang pinagmulan ng mga sanggunian na ginamit sa pagaaral. Sa pangangalap ng mga datos at impormasyon na gagamitin sa pagsusuri ng mga mananaliksik, inaasahang magiging matapat, maayos, at makatarungan ang pagsusuring isasagawa, gayon din ang pagsasaalang-alang sa mga personal na impormasyong makakalap mula sa mga tauhan, manunulat, at iba pang nasa likod ng nobela. Ang mga mananaliksik ay tiniyak na nakapagpaalam sa tagapaglathala ng librong ginamit sa pagsusuri. Inilahad sa pamamagitan ng isang liham pahintulot ang pangangako na ang librong nabili ay gagamitin para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito. Ang mga mananaliksik din ay tiniyak na ang nakuhang datos ay mananatiling konpidensyal at ginamit lamang sa prosesong isinagawa sa pag-aaral upang matugunan ang puwang at layunin ng papel. Ang mga mananaliksik ay ikinonsidera rin ang pagbigay ng proteksyon sa mga tauhan, manunulat, at iba pang mga impormasyon na nakuha mula sa ibang awtor at iskolar na nabanggit sa pag-aaral.

## RESULTS AND DISCUSSION

Sa bahagi na ito makikita ang paglalahad ng detalyadong impormasyon, pagsusuri, at sariling interpretasyon mula sa mga datos na nakuha. Ang mga pagsusuri ay isinaayos ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga suliranin na inilahad sa unang kabanata.

### A. *Iba't-Ibang Representasyong Panlipunan ng mga Tauhan sa Kasalukuyan sa Noli Me Tangere*

1. Edukado/Ilustrado

Isa sa makikitaan ng pagiging edukado at ilustrado ay si *Crisostomo Ibarra* na nag-aral sa ibang bansa lalo na't kagustuhan din ito ng kaniyang ama. Dahil sa mga natutuhan, napag-alaman niya ang kultura at kasaysayan ng bansang kaniyang pinuntahan. Makikita sa kabanata 3 ang mga sumusunod na pahayag: "Ayon kay Crisostomo, mahalagang pag-aralan ang kasaysayan ng bayang pupuntahan at kung paano ito umunlad. Batay sa pagsusuri ni Crisostomo, ang pagdarahop o pag-unlad ng isang bayan ay may kaugnayan sa pagiging malaya o kahirapan ng mga tao." Batay sa naging pahayag, pinapatunayan lamang nito na maging sa kasalukuyan ay umiiral pa rin ang mga intelektuwalisadong indibidwal na may layuning mapaunlad ang bayan; na siyang nakita kay Crisostomo Ibarra na patuloy na naniniwala sa kapangyarihan ng edukasyon.

Ayon kay Jimenez (2021), "ang tauhang si Crisostomo Ibarra ay nirerepresenta ang mga ilustrados sa panahong ito na mataas ang pinag-aralan sa UP, na pinupondohan ng taumbayan kung saan sila ay nagiging manunulat, propesors, kongresman, o senator." Bukod pa rito, sila ay malay sa kapaligiran partikular na usaping pampolitika at lipunan kung saan sila rin ay nakikisali sa mga isyung ito. Gayunpaman, karamihan sa kanila ay nahuhuli ng mga elitista at itinuring kalaban ng pamahalaan ngunit, may ilan ding sa mga kompanyang nananamantala at kinakalaban ang mga tao.

2. Sunud-sunuran sa nakatataas

Tatlo sa mga tauhan ng Noli Me Tangere ang nakitaan ng ganitong uri ng representasyon gaya na lamang nina Kapitan Tiago, Alfonso Linares, at Sepulturero na may iba't ibang karanasan. Una, si Kapitan Tiago ay pilit niyayakap ang kapangyarihan ng iba sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos ni Padre Damaso. Pangalawa, si Alfonso Linares na hawak ni Donya Victorina sa leeg at binigyan ng kautusan ang binata na hamunin ang Alperes ng duwelo gamit ang isang rebolber, at kung hindi ay isisiwalat nito ang kaniyang lihim. At panghuli, ang Sepulturero na nagtapon sa bangkay ni Don Rafael Ibarra dahil sa isa ring kautusan.

Halimbawa na lamang ng pahayag na ito mula sa kabanata 9: *"Marunong makibagay si Kapitan Tiago sa mga taong may mataas na katungkulan sa pamahalaan. Siya ay sunud-sunuran, nagbibigay ng mga regalong pagkain tulad ng hamon, baboy, pabo, at mga prutas mula sa Tsina. Bagama't isang Pilipino ay itinuturing ang sarili na isang Kastila. Sang-ayon siya sa pagtaas ng buwis."* Pinapatunayan ng pahayag na ito na si Kapitan Tiago ay sunud-

sunuran partikular na sa mga taong may mahalagang gampanin o mas nakatataas sa kaniya sa lipunan gaya na lamang ng mga taong kumakapit sa ngalan ng salapi at identidad; na tanging nagbibigay sa kanila ng kaginhawaan.

Ayon pa kay Bansil (2019), si Kapitan Tiago ay mayroong takot na mapahiwalay sa lipunan kaya naman mas pinipili nito maging sunud-sunuran upang hindi mangyari ang kinatatakutan at mapanatili ang hinahangad na kayamanan. Sa panahong ito, ang mga kagaya ni Kapitan Tiago ay walang ibang iniisip kundi ang sarili niyang kapakanan at pagbibigay halaga sa mga taong nagpapaangat sa kaniya. Gayunpaman, mahalagang tingnan na hindi lamang ito pagtalikod sa sarili kundi pagtangkilik sa dalang kapahamakan ng iba.

3. Makabayan

Sina Crisostomo Ibarra, Elias, at Pilosopo Tasyo ang nagpakita ng ganitong representasyon na umiiral pa rin sa kasalukuyan. Makikita ito sa kabanata 50: Sinabi ni Ibarra na hindi dapat mangyari ang bagay na tulad ng sinasabi ni Elias sapagkat ayaw niyang pamunuan ang isang pagaalsa sa pamamagitan ng lakas. Hindi pa raw dapat. Hindi pa panahon. Kung ang mga rebelde ay mag-aalsang may dalang sandata, kanyang papanigan ang pamahalaan at lalabanan ang mga pinag-uusig. Kaya nga siya raw ay nagpapagawa ng paaralan. Ang pagsulong ay nasa karunungan. Ang bayan ay uunlad sapagkat ang landas ay mabubuksan kung may liwanag. (p. 390).

May iba't iba man silang paraan kung paano masusugpo ang katiwalaan at korapsyon sa San Diego, naging isa pa rin ang kanilang layunin–ang kapakanan ng mamamayan gaya na lamang ni Crisostomo Ibarra na naglalayong magpatayo ng paaralan para sa mga kabataan sapagkat naniniwala siya na ang edukasyon ang sagot sa kahirapan ng bayan.

Ayon nga kay Jimenez (2021), naging taliwas si Elias sa kagustuhan ni Ibarra patungkol sa pagbabagong hinahangad nito na mangyayari sa pamamagitan ng edukasyon. Dahil para kay Elias, ang karahasan at paggamit ng sandata ay siyang susi sa tunay na hustisya sa bayang inaapi ng mga mananakop na mapang-abuso at mapanlinlang. Gayunpaman, base sa naging resulta ng pagsusuri ay hindi naging hadlang ang pagkakaiba nila ng ideolohiya dahil sa wakas, naniwala na rin si Crisosotomo kay Elias partikular na sa pahingi ng hustisya kaya naman sa huli, nagkaisa pa rin sila at ang isa ay nagbuwis pa ng buhay para sa ikabubuti ng bayan.

4. Duwag

Isa sa mga karakter sa nobela na nagpapakita ng ganitong representasyon ay si Don Filipo na Tenyente Mayor ng San Diego at matalik na kaibigan ni Pilosopo Tasyo. Gaya ng Pilosopo, siya ay hindi sang-ayon sa pamamalakad ng simbahan lalong-lalo na kung salapi ang pinag-uusapan dahil alam niya kung ano ang pamamalakad ng mga ito.

Batay sa kabanata 53, ipinakita ni Don Filipo ang kaniyang kaduwagan: *Sinabi ni Don Filipo na tinanggap na ng alkalde ang kanyang pagbibitiw sa tungkulin. Si Pilosopong Tasyo ay hindi mapakali sapagkat naniniwala siyang ang pagbibitiw sa tungkulin ay hindi nararapat at napapanahon. Wika pa niya na sa panahon ng kagipitan ang puno ay hindi sumusuko sa mga oras na siya ay nahaharap sa matinding pagsubok. Ngunit ayon kay Don Filipo ano ang kanyang gagawin dahil kinabukasan ay pinakawalan ng kapitan ng mga sibil ang mga tao na kanyang hinuli at walang paguusig na naganap. Nabanggit niya na si Ibarra ay napadala lamang sa paniniwala ng nakararami.* (p. 412).

Kaya naman sinasalamin ng Tenyente Mayor ang mga taong mas pinili maging tahimik sa nangyayari sa paligid gaya ng mga tao ngayon sa social media partikular na ang ilang politiko na hindi nakikisali sa karapatang-pantao ng mga naaapi at ipinagsasawalang-bahala na lamang ang lahat upang hindi mapahamak dahil kung susubukin nilang magsalita, ituturing silang kalaban o patatahimikin.

5. Relihiyosa

Sina Pia Alba at Tiya Isabel ang sumasalamin ng pagiging relihiyosa na hindi tumitigil sa pananampalataya sa kabila ng kanilang pinagdadaanan sa buhay. Bukod pa rito, patuloy silang nananiniwala sa kapangyarihan ng Poong Maykapal at Birheng Maria lalong-lalo na sa kanilang mga hinihiling gaya ni Pia Alba na ilang beses nagdasal at nagsayaw sa Obando sa kapistahan ni San Pascual Bailon dahil kilala ito na nagkakaloob ng anak. Si Tiya Isabel naman ay palaging nagsisimba kasama ang kaniyang pamangkin na si Maria Clara na anak ni Pia Alba.

6. Mapagmahal sa Anak

Makikita kina Tiya Isabel, Sisa, at Kapitan Pablo ang pagkalinga ng isang magulang para sa mga anak lalo na kung tungkol ito sa kanilang kaligtasan at kabutihan. Halimbawa, si Sisa na ina nina Crispin at Basilio na nakaranas man ng pang-aabuso sa kaniyang asawa ay nagawa niya pa ring magtiis, maging buo lamang ang kaniyang pamilya.

Kaya naman ang ganitong representasyon ni Sisa ay inilahad sa kabanata 16 ng nobela: Dinaan na lamang ni Sisa sa iyak ang ginawa ng asawa at dali-dali itong nagsaing na muli at nag-ihaw ng tatlong tawilis sapagkat alam niyang gutom ang kanyang mga anak. Nangangahulugan lamang na sa kabila ng pangmamaltrato ni Pedro kay Sisa ay ipinagsawalang-bahala na lamang niya ito at pinaghandaan pa rin ang kaniyang mga anak na patunay lamang ng pagpapamahal ng isang magulang; na kahit humarap ito sa pinakamatinding pagsubok ay hindi pa rin mawawala sa isipan niya sina Crispin at Basilio. Ito ay konektado sa pahayag ni Mojarro (2023) kung saan si Sisa ay personipikasyon nang maraming inang nagsakripisyo para sa kapakanan ng mga anak niya; maibigay lamang ang pangangailangan nila sa kabila ng pangaabusong natanggap nito na sinusubukan din namang lagpasan.

7. Nasa laylayan/Maralita

Ang pagiging maralita ay danas ng dalawang magkapatid na sina Crispin at Basilio na naging dahilan din upang manilbihan sa simbahan bilang mga Sakristan nang sa gayon ay makatulong sila sa kanilang ina na si Sisa. Sa ibang banda. inilahad naman ito sa kabanata 14: *Ang ibig ng sakristan mayor ay umalis sila ng simbahan ng ikawalo*

*ng gabi. Umaasa si Basilio na makakuha niya ang kanyang sahod upang maibigay sa kanyang ina ang salaping kikitain sa pagsasakristan.* Sa pananatili nila rito, nakatanggap sila ng pang-aabuso sa Sakristan Mayor na nagdala sa kanila sa labis na kapahamakan lalong-lalo na si Crispin gayunpaman, wala silang magagawa kundi ang magtiis. Ayon pa kay Jimenez (2023), "Crispin and Basilio are represented today by the landless tenants, the squatters, the contractuals, casuals, and the joborder workers of the bureaucracy whose engagement is the most palpable evidence that the government is the number one violator of its own labor laws". Gaya nila, marami ring mga kabataan sa kasalukuyan ang napipilitang magbanat ng buto partikular na ang mga nasa laylayan upang makatulong sa kanilang pamilya na kung tutuusin ay pinagkaitan lamang ng karapatang mamuhay nang payapa at masagana. Sa naging karanasan ng magkapatid sa nobela, malinaw na sinasalamin nila hindi lamang ang mga taong walang permanenteng trabaho kundi maging ang mga nagpapaalipin sa mapang-abusong amo na kakarampot lang din ang ibinibigay na suweldo. Kaya naman ang karanasan ng dalawang magkapatid ay patunay lamang na ang mahihirap ay biktima lang din ng kawalang-hiyaan ng pamahalaan.

8. Social Climber (Colonial Mentality)

Sa kasalukuyang panahon, talamak ang mga gaya nina Donya Victorina at Donya Consolacion na mapagpanggap at tinatalikuran ang sariling pinagmulan upang yakapin ang kultura ng iba. Dito pumapasok ang "Donya Victorina Syndrome" ng isa sa mga karakter na nabanggit kung saan ipinipilit nitong ipakira sa lahat na siya ay isang mayaman na nakasuot ng damit Europeo at hindi Pilipino. Batay sa pag-aaral ni Clarisse (2019) "Other characters that significantly represent Filipinos were like Doña Victorina was a social climber who did not want to be known as an Indios," (para. 2) na nangangahulugang ikinakahiya niya ang pagiging Pilipino sapagkat para sa kaniya, wala itong pinag-aralan at mahihirap lamang. Gayundin kay Donya Consolacion na dating labandera na nangarap lamang na makapag-asawa ng isang Kastila–na nagbigay sa kaniya ng daan upang himukin ang sarili na magsalita ng Kastila. Ayon pa kay Bansil (2019) si Doña Consolacion ay kagaya rin ni Doña Victorina na may kaisipang kolonyal sa kadahilanan na, "Doña Consolacion patronized Western influence as "for one of the beautiful qualities of this lady was to try not to know Tagalog, or at least to appear not to know it," (para. 2) na kahit taliwas sa kaniyang pisikal na anyo ang hinahangad niya sa buhay, patuloy pa rin siyang nakasandig sa ideya ng kanluranin gayundin sa dayuhang kaisipan nito, at pagnanais na mapabilang sa mga ito dahil lang sa ikinahihiya nito ang sariling lahi.

9. Mapanlinlang at Mapagsamantala

Sinasalamin ni Padre Salvi, Don Tiburcio, Lucas, Padre Sibyla, at Kapitan Tinong ang pagiging mapanlilang at mapagsamantala. Isinagawa nila ito sa iba't ibang pamamaraan na may kinalaman kay Crisostomo Ibarra. Ang mga nabanggit na karakter ay nagmalinis gamit ang kanilang posisyon (Padre Salvi), nagpanggap bilang doktor (Don Tiburcio), humingi ng salapi kay Ibarra (Lucas), nagbait-baitan (Padre Sibyla), at tinalikuran si Ibarra nang mahuli ito ng mga Guwardiya Sibil (Kapitan Tinong).

10. Abusado

Ang pang-aabuso sa loob ng nobelang Noli Me Tangere ay hindi lamang ginagawa ng pareng si Padre Damaso at mga Guwardiya Sibil kundi maging ang Alperes, Sakristan Mayor, at ni Pedro na asawa ni Sisa. Bawat isa sa kanila ay binigyan ng iba't ibang parusa ang mga taong biktima lang din ng kasinungalingan at karanasan. Halimbawa na lamang ang Alperes na gumamit ng kamay na bakal kay Tarsilo hinggil sa pagkakasangkot umano nito kay Ibarra–na sa huli ay wala palang katotohanan. Dahil dito, tuluyang binawian ng buhay si Tarsilo; na patutunayan ng kabanata 57: *Dahil sa patuloy na hindi pag-imik ni Tarsilo kahit na sunud-sunod ang pagtatanong sa kanya, ang alperes ay nagpuyos ang damdamin kaya pinalo siya ng yantok sa likod. Hindi nila mapagsalita si Tarsilo kaya hinataw nang paulit-ulit.*

Kaya naman batay sa mga naging resulta, ang kagaya ng Alperes ay umiiral pa rin sa kasalukuyang panahon at patuloy na ginagamit ang posisyon upang makapanakit nang walang sapat na ebidensiya. At isang taong may posisyon na naniwala sa maling impormasyon na naghataw ng hindi makatarungang parusa sa mga biktima.

11. Diktador

Dalawa sa mahahalagang karakter sa nobela ay nakitaan ng pagiging diktador na hanggang ngayon ay umiiral pa rin sa kasalukuyan, at sila ang nagpatunay na malaki ang epekto sa bawat indibidwal na pinapatawan nila nito: Sina Padre Damaso at Donya Victorina. Ang kura ay isa sa pinakaginagalang na kura na ginagamit ang kapangyarihan upang mapasunod ang ibang tao gaya ni Kapitan Tiago habang si Donya Victorina naman ay ginawang tuta ang kaniyang asawa na si Don Tiburcio at pamangking si Alfonso Linares. Inilahad ang ilang halimbawa sa kabanata 47 mula: Si Doña Victorina ay nagalit kaya inutusan niya ang asawa na hamunin ang alperes sa pamamagitan ng sable o rebolber. Kung hindi ay kukunin niya ang pustiso nito. Batay rito, kontrolado ng donya ang lahat at kung hindi ito sumunod, bibigyan niya ito ng parusa. Ang ganitong uri ng pang-aabuso ay nangangahulugang tinatapakan nito ang karapatan nila na magkaroon ng sariling desisyon at pagpigil sa kanilang kagustuhan na magsalita–dahil sa huli, wala rin naman silang magagawa. Sa bawat salitang kanilang nais iparating ay hudyat naman upang pigilan sila ng mga gaya nina Donya Victorina, Padre Damaso, atbp. na walang pinapakinggan kundi ang kanilang mga sarili lamang.

12. Oportunista

Si Donya Victorina ay hindi lamang *social climber* at Diktador kundi oportunista rin dahil noong mga panahong naparusahan si Crisostomo Ibarra ng pagiging excomulgado ay ipinakilala niya agad si Alfonso Linares kay Damaso upang hanapan ng asawa si Maria Clara. Ayon sa artikulo nina Bersamina et al. (2020), "there is an opportunist within all of us. Nothing is necessarily wrong with taking the op-

portunities presented in front of you and strategically using them in order to succeed," na siya namang maihahalintulad sa ginawa ni Victorina sa nobela. Kaya naman laganap ang mga oportunista sa bansa, mayaman man iyan o mahirap. Gayunpaman, lubha itong nakaaapekto sa iba dahil hindi nila alam na ginagamit na pala ang kanilang kahinaan. Ito ay inilahad sa kabanata 43: *Nang mahimasmasan na si Padre Damaso ay lumapit sa kanya si Doña Victorina upang ipakilala si Linares. Minasdan ng pari si Linares mula ulo hanggang paa at kinuha ang sulat na iniabot sa kanya ng binata.*

13. Mga Nagkakalat ng Maling Impormasyon

Sina Hermana Pute, Hermana Ruffa, Kapitana Maria, Don Filipo, at ang binata ang mga tauhan sa nobela na nagpapakalat ng maling impormasyon tungkol kay Ibarra. Makikita ito sa kabanata 35: *"Ganito ang mga kabataan ngayon, tugon ng isang babae na mukhang mabait. "Kung nagkataon kayang buhay ang ina ng Ibarrang iyan ay ano kaya ang sasabihin niya? Ako ay may anak din na mainitin ang ulo. Kung sa darating na panahon ay mangyayari ito sa anak kong lalaki ay baka mamatay naman ako sa sama ng loob."* Sinasalamin nila ang tsismoso't tsismosa o marites kung tawagin sa kasalukuyan sapagkat naninira at gumagawa ito ng kuwento nang wala namang basehan na maaaring ikapahamak ng isang tao. Sila rin ay maituturing na judgmental o mapanghusga dahil naniniwala kaagad sila sa mga naririnig at nakikita.

14. Mga Mataas na Tao sa lipunan na iginagalang

Kabilang na sa representasyong ito ang mga politiko, pari, at mayayaman na iginagalang sa lipunan gaya nina Don Rafael, Padre Salvi, Kapitan Heneral, Padre Damaso, at ng Alperes. Pinapatunayan ng mga taong ito na sila ay may pangalan at kapangyarihan na makikilala kaagad ng madla. Gayunpaman, isa sa mga nabanggit ang tunay na nagpapakita ng kabutihan na karapatdapat igalangbukod sa Kapitan Heneral si Don Rafael na nagsilbi at tumulong sa mga taong nangangailangan. Inilahad ito sa kabanata 10: *Si Don Rafael ay ang pinakamayaman sa San Diego at ang mayari ng pinakamalawak na lupain. Siya ang takbuhan ng mga taong nagigipit at hindi naghahangad ng kapangyarihan. Iginagalang siya at kinawiwilihan ng iba. Siya ay hindi kabilang sa makapangyarihan sa San Diego.*

15. Biktima ng Pang-aabuso

Madugo ang nangyaring pang-aabuso sa loob ng nobela na mapahanggang sa kasalukuyan ay nararanasan pa rin lalong-lalo na ng mahihirap. Ilan nga riyan ay sina Crispin at Basilio, Tarsilo, Sisa, at mga anak ni Kapitan Pablo at pamilya ni Elias. Makikita ang ilang mga halimbawa sa kabanata 45: *"Isang alagad ng simbahan ang humalay sa aking mga anak na babae. Nagsiyasat ang dalawa kong anak na lalaki at hinuli, binitin."* Ang mga pahayag na ito ay nagmula mismo kay Kapitan Pablo na nagpatunay na walang kalaban-laban ang mahirap na kagaya niya pagdating sa hustiya kaya naman naging daan ito sa kapitan upang gamitin ang sandata para maipaghigante ang kaniyang mga anak.

Ayon sa artikulo ng Philippine Revolution Web Center (2024), *"kinundena ng Karapatan-Central Visayas ang walang-tigil na intimidasyon at harasment ng mga puwersa ng estado sa pamilya ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan para pilitin na umatras sa planong ipaawtopsiya ang labi ng biktima na si Hannah Cesista."*

16. Mabuting Manggagawa

Sina Ñol Juan at ang guro ay sumasalamin ng isang mabuting manggagawa sa kasalukuyan, sapagkat hindi naging tapat sila sa kanilang trabaho sa kabila ng pagsubok na kanilang kinakaharap lalong-lalo na ang guro na nakaranas ng galit mula sa kura. Halimbawa na lamang sa kabanata 19: *Inalis niya ang pamamalo sa paniniwalang ito ay nagdudulot ng takot kaya ayaw mag-aral ng mga bata. Nang mabilataan ng kura ang kanyang ginawa ay binantaan siya na isusuplong sa alkalde.* Walang nagawa ang guro kaya ibinalik niya ang pamalo na naging dahilan kung bakit natakot at nagalit ang mga bata sa kaniya. Gaya ng gurong ito, hindi rin matatawaran ang sakripisyo ng kaguruan dito sa Pilipinas; na sumusunod lamang sa sistema ng edukasyon hinggil sa pagtuturo.

17. Mabuting Pinuno o Lider sa Lipunan

Sa isang lipunan, mahalaga na magkaroon ng isang lider na hindi lamang nagbibigay ng magandang serbisyo sa publiko kundi lider na maaasahan at tapat sa kaniyang tungkulin. Gaya na lamang ng mga katangi-tanging lider sa nobela sina Tenyente Guevarra, Kapitan Heneral, at ang alkalde. Ilan sa mga magpapatunay rito ay ang pahayag ng Kapitan Heneral sa kabanata 37: *"Bilang kinatawan ng hari ng Espanya, wala akong hinahangad kundi ang kapayapaan at katahimikan ng mga nasasakupan."*

18. Pagkadalisay at Inosente

Si Maria Clara. Siya ay hindi lamang nagtataglay ng kagandahang pisikal at kalooban kundi makikitaan din siya ng pagiging inosente at pagkadalisay dahil alagang-alaga ito at ni minsan ay hindi ito gumawa ng kung anong suliranin na maaari niyang ikapahamak. Inilahad ito sa kabanata 6: *Si Maria Clara ay minahal ng lahat. Ang mga prayle ay natutuwa kapag si Maria Clara ay nasa prusisyon. Siya ay nakasuot ng puting kasuotan.* Batay rito, hinahangaan ng lahat si Maria Clara dahil hindi maitatanggi na ito ay marikit at tila isang birhen na naglalakad. Subalit, sa kasalukuyang panahon, ang mga kagaya ni Maria Clara na itinuturing na dalisay at inosente ay may kaakibat na diskriminasyon sapagkat sila ang kadalasang biktima. Ayon pa sa artikulong pinamagatang "Maria Clara, and why she is not the face to represent young Filipinas" ni Villamin (2022) ang kabataang hindi umaayon sa katauhan ni Maria Clara ay itinuring na "slut" na nagiging dahilan kung bakit hindi naging madali sa kanila na ipakita ang kanilang tunay na personalidad.

19. Social Isolationism

Sa bahaging ito, binibigyang-diin ang danas nina Pilosopo Tasyo, Sisa, at ng Taong Ketongin hinggil sa social isolationism na makikita pa rin sa kasalukuyan. Na-

gaganap ang ganitong uri ng karanasan kung saan ang inihihiwalay niya ang kaniyang sarili sa lipunan dahil sa ilang mga kadahilanan. Sa mga nabanggit, si Pilosopo Tasyo ang maituturing na isolated. Itinuring siyang baliw at hinusgahan ng mga tao dahil sa kaniyang dunong. Ito ay inilahad sa kabanata 14: *"Dahil ang mabuting tao ay ipinalalagay nilang baliw," panlilibak na sabi ng matanda. "Hinahatulan nilang baliw ang tao kapag ang isipan ay iba sa kanila, tulad ng pagpaparatang nila sa akin na ako ay baliw.*

*B. Mga Halagahang Pilipino sa Kasalukuyan na Tinatalakay sa Noli Me Tangere*

1. Pananampalataya

Ipinakita sa nobela na likas na sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso, pananampalataya sa mahal na Birhen tulad ng pagkakaroon ng prusisyon bilang pagkilala sa mga santo. Ayon sa artikulo ni Reyes (2023) na Sayaw sa Obando: Diskurso ng pagpapatibay ng pananampalataya at pagpapanatili ng kultura na hindi na nawaglit sa mga Pilipino ang pagiging relihiyoso. Naging marahas man sa kuwento ng Noli Me Tangere, hindi mawawala na malaki ang naitulong ng relihiyon upang mas lalong makilala ng mga tao ang itinuturing ng mga Kristiyano na Diyos. Sa kasalukuyan, napalalaganap ang pananampalatayang Kristyanismo-Katolisismo. Samakatuwid, naging matibay ang pundasyon ng relihiyon dahil nagsisilbi ito sa mga Pilipino na magkaroon ng kabuluhan at kahulugan ang buhay.

2. Pagiging mulat sa maling pamamalakad sa lipunan ng gobyerno

Ang pagmamahal sa bayan ay pagkakaroon ng galang at pakikisangkot sa sitwasyong nararanasan ng bayan na handang matuto sa kasaysayan ng Pilipinas. Kaugnay ito ng artikulo ni Torres-Yu (2016) na Usapin ng Kapangyarihan at Muling Pagsasalaysay ng Carancal. Inilahad na sa larangan ng panitikang pambata, ito'y mahalagang proyektong pangkultura na muling maisalaysay upang maiparating sa bawat henerasyon na mambabasa ang nga akdang tinangkilik noon ay malinang ang kamalayan ng mga kabataan tungkol sa mga ugat ng kultura at tradisyon ng mga Pilipino.

3. Pagpapahalaga sa pamilya

Sa kasalukuyang panahon, makikita pa rin ang pagpapahalaga sa pamilya. Handang gawin ang lahat para sa anak. Halimbawa, kahit mahirap ang buhay, pinupursiging makapag-ipon ang magulang makapagtapos lamang ang kanilang anak upang hindi na maulit pa ang nakagisnang buhay. Sunod, ang laging sinasabi ng mga ina na, "kakainin na lamang ng isang ina, ibibigay pa sa kaniyang anak." Makikita na lubos ang pagmamahal ng isang ina sa kaniyang anak na nairepresenta ni Sisa sa nobela.

4. Pagpapahalaga sa edukasyon

Pinatunayan sa artikulo nina Roman et al. (2015) na Pilosopiyang Pang-edukasyon ni Rizal: Isang Pilosopiyang Pilipino sa Edukasyon na itinuturing ni Dr. Jose Rizal na ang paaralan ay kumakatawan sa edukasyon at nagkakaroon.

5. Pagrespeto sa kababaihan

Para kay Rizal, higit pa ang kayang magawa ng babae, kailangang maging mulat sa kung ano ang papel, posisyon sa lipunan, kung gaano kalaki ang impluwensiya ng kababaihan sa kabataan at sa mga susunod pa na mga henerasyon. Halimbawa na lamang sa karakter ni Maria Clara. Mapapansin noon na iba ang paraan ng pagrespeto sa kababaihan. May pagtungo, hiwalay ang babae sa lalake pero sa nobela, mas naipakita ang di pagkakapantay-pantay ng lalake sa babae.

6. Pagmamahal sa kapwa

Ang pagpapahalaga sa kanila ay makikita sa pagiging tapat, maunawain, at handang tumulong sa oras ng pangangailangan. Sa karakter nila Crisostomo Ibarra at Elias-dito. Si Crisostomo Ibarra na hindi nagdalawang-isip na ibuwis ang kaniyang buhay sa piloto. Si Elias na binuwis ang buhay para sa ipinaglalaban ni Crisostomo Ibarra. Naipakita ni Ibarra na kahit buhay niya rin ay nakasalalay, walang alinlangan siyang tumalon para masagip ang piloto sa buwaya. Sa kasalukuyan, hindi man sa paraan ni Ibarra ngunit sa simpleng pagtulong, kayang gumawa nang mabuti na bababago sa buhay ng ibang tao.

7. Magalang at pagrespeto sa mga matatanda

Bata pa lang, tinuturuan nang paggamit ng mga magagalang na salita, paghingi ng permiso, pagrespeto sa mganakakatatanda, at simpleng pagyuko na kahulugan nito ay pagpapasalamat. Isa si Pilosopo Tasyo sa binibigyan ng respeto lalo na kapag kinakailangan ng mga pangaral at payo ng mga bata o ang mga matataas ang katungkulan sa bayan. Pinatunayan ito sa kabanata 25 ang halimbawa ang halagahang Pilipinong ito. Ang pagbibigay galang sa opinyong ibinigay ngayon, ang paraan ng paggalang at pagrespeto sa matatanda ay tinuturuan ng ang paggamit ng mga magagalang na pananalita, paghingi ng permiso, pagrespeto sa mga nakakatatanda, at iba pa.

8. Pagmamahal sa sariling kultura

Ang tradisyon na ating nakagisnan ay hanggang ngayon ay patuloy pinapanatili at minamahal pa rin ng mga Pilipino. Makikita sa nobela ang pagpapahalaga ng mga tao sa San Diego ang kultura lalo na ang pagdiriwang ng fiesta. Lahat ay may kani-kaniyang tungkulin at plano para sa ikagagandang pagdiriwang. Sa kasalukuyan,, pinagpapatuloy pa rin ang tradisyon na nakagisnan ngunit mababakas sa paanong naiimpluwensyahan ng mga lumang kaugalian at paniniwala ang modernong panahon.

9. Pagtitiwala sa sarili

Ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili ay nangangailangan ng determinasyon sa mga hangarin at ninanais sa buhay o sa kabutihan ng komunidad. Isa sa mga katangian ng mga Pilipino upang magampanan ang isang gawain ay ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili at gabay ng mga matatanda. Nakita ito sa nobela na humingi ng payo si Crisostomo Ibarra kay Pilosopo Tasyo sa kaniyang nais na plano para

sa bayan ng San Diego.

10. Magiliw sa bisita

Nagpapakita ng mainit na pagtanggap sa mga taong dumalaw sa ating tahanan. Sa pamamagitan ng magalang na pakikitungo,pag-aanyaya, at pagbibigay ng kaginhawaan sa kanilang pananatili. Si Tiya Isabel at Kapitan Tiyago, Ang dalawang tauhang ito ang representasyon ng pagiging magiliw sa bisita. Bukas ang bahay nu Kapitan Tiago sa sinumang maaari o gustong pumunta sa kaniyang bahay.

11. Bukas palad sa mga nangangailangan

Katangiang nagpapakita ng taos-pusong pagtulong o handang magbahagi ng kung ano ang mayroon sa kapwa nang walang hinihintay na kapalit. Si Don Rafael Ibarra ang halimbawa sa pagiging bukas-palad sa mga nangangailanga. Hindi nag-atubiling tulungan ang pulubi kahit ito'y ikapapahamak niya. Ang kaniyang karakter sa nobela ay laging handang tumulong sa mga magsasaka at sa iba pang tao sa bayan. Sa kasalukuyan ito'y gumagawa ng malaking impluwensiya sa mga tao sa lipunan. Nakita natin itong pagtutulungan ng mga Pilipino noong pandemya.

*C. Mga Suliraning Panlipunan sa Lokal at Global na Komunidad na Sinasalamin ng Nobela*

1. Pang-aabuso/Pananamantala sa kapangyarihan

*Si Padre Damaso at ilang pari sa San Diego ang isa sa pinagmulan ng mga suliraning ito kung saan sinasalamin din nila ang pang-aabuso at pananamantala nila sa mga tao sa San Diego. Para sa kanila, ang mga Pilipino ay isang indio na madaling utuin, alipustahin, at handang magijg sunud-sunuran para sa nais nila.*

Ang pang-aabuso at pananamantala sa kapangyarihan ay isa sa mga pangunahing suliranin sa Noli Me Tangere. Sa tunay na kasalukuyang panahon ay nangyayari pa rin ito sa lipunang Pilipino. Marami ang mapang-abuso at nananamantala ng kapangyarihan, hindi na ng mga pari kundi ang mga politiko na. Mataas ang tingin ng mamamayan sa isang tao kapag ito ay may posisyon sa pamahalaan, ito ang kapangyarihan na inaabuso ng iilan at ginagamit para sa sariling kapakanan. Ito ay sinuportahan ng artikulo ni Bansil (2019), na may titulong "Relevance of Noli Me Tangere in the Present". Ayon sa kaniya, isa ang abuse of power o pang-aabuso at pananamantala sa kapangyarihan. Makikita sa kasalukuyang panahon na marami pa ring may katungkulan ang umaabuso sa kanilang kapangyarihan na aglay. Patunay lamang na mula sa panahon na ikatha ang nobela hanggang sa kasalukuyang panahon ay patuloy pa ring lumalaganap ang pang-aabuso at pananamantala sa kapangyarihan.

2. Kawalan ng hustisya ng mga taong walang kakayahan

*Isa si Don Rafael Ibarra ang hindi nabigyan ng hustisya sa kaniyang sinapit sa mga kura. Inalipusta, ikinulong, isinisi sa kaniya lahat hanggang siya'y namatay na. Kahit nang siyang sumakabilang buhay ay inilagay ang kabaong ni Don Rafael Ibarra sa libingan ng mga Tsino.*

Sa karanasan ni Don Rafael at ng ibang tauhan ay wala itong sapat na kakayahan na ipagtanggol ang kaniyang sarili dahil wala siyang posisyon at kapangyarihan sa lipunan. Mula sa artikulo ni Thalia (2018), isinaad na ang buhay ay madali lamang patakbuhin ng mga taong may kapangyarihan. Maraming kaso ang hindi nasasagot at maraming tao ang hindi nagkakamit ng sapat na hustisya dahil napawawalang bisa ang kaso kapag walang naibibigay na dapat na halaga upang gumulong ang kaso. Mula sa artikulo na ito makikita na hanggang sa kasalukuyang panahon ay umiiral pa rin ang maling sistema na ito. Tunay na hanggang ngayon ay hindi pa rin pantay ang pagtingin sa dalawang uri ng antas ng mga tao, ang mayaman at mahirap.

3. Kahirapan

*Isa ang pamilya ni Sisa rito na nakararanas ng ganitong suliranin, sapagkat pati ang kaniyang mga anak ay nagtatrabaho upang may pangtustos sa pang-araw-araw na pangangailangan habang ang kaniyang asawa naman ay walang ibang ginawa kundi ang magsugal at iasa sa kaniyang mga asawa't anak ang perang ginagasta rito.*

Batay sa naging pagsusuri, ang kahirapan bilang isang global at lokal na suliranin ay hindi na mawawala sa lipunan. Marami sa mga mamamayang Pilipino ang dumaan na sa ganitong suliranin na pinagsisikapang alisan dahil ito ay nagdudulot ng kakarampot at limitadong oportunidad sa buhay. Isa ang kahirapan sa mga ugat ng iba pang suliranin sa lipunan. Kung minsan, nakagagawa ng maling bagay o krimen ang isang tao na siya ring suliraning panlipunan dahil lang sa kahirapan sa buhay. Sa madaling salita, ito ang suliranin na nganganak ng iba pang suliranin.

4. Ilegal na negosyo

*Ang ilegal na negosyo kagaya ng pasugalan na sabungan ang malalaking negosyo ng mayayaman na tauhan sa nobela. Masusuri ito sa kabanata 46 ng librong Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan: Noli Me Tangere sa kaganapang ito kung saan makikita ang pagkalulong ng mga tao sa sugal na sabong.*

Ang mga ilegal na negosyo na may kaugnayan sa nasuri sa akda ay patuloy pa ring nangyayari, at mas lumalaki pa. Marami na ngayong mga pasugalan na kumakalat sa iba't ibang onlayn na aplikasyon. Nariyan ang onlayn na talpakan, mga card games, at mga lucky games. Kumikita ng malaki ang ganitong negosyo at kinagigiliwan ng marami dahil sa mataas na perang maaaring mapanalunan. Sa artikulo ng FEU Advocate (2022) na may titulong "Mula sa Sabungan Patungong Birtwal na Soltada: Ang Pagsusugal sa Walang Katiyakan", binigyang diin ang pagtatalpak sa

espasyong digital. Inilahad dito na binago ng pandemya ang sistema ng tradisyunal na sabong na nakasanayan ng mamamayang Pilipino. Sinasabing naging legal na ang e-sabong dahil sa marami na ang tumatangkilik dito at hindi naman na gambala ang sistema nito kumpara sa tradisyunal na paraan. Ngunit, kalaunan ay inirekomenda rin ng ilang senador na suspendihin ang e-sabong dahil sa kumakalat na balitang may mga nawawalang higit tatlumpung sabungero at hindi matukoy ang dahilan.

5. Kawalan ng mabuting ugnayan ng mamamayan at pamahalaan para sa ekonomiya

   *Nasuri ng mga mananaliksik ang hindi pag-unlad ng ekonomiya ng mga taga-San Diego sa nobelang Noli Me Tangere. Walang maayos na proyekto upang masuportahan ang mga maliliit na pamilihan at pinanggagalingan ng mga pangangailangan. Ito ay tanda na walang mabuti at maayos na ugnayan sa pagitan ng pamahalaan at mamamayan para sa ekonomiya.*

Walang pag-unlad ng ekonomiya sa San Diego dahil na rin sa mga korap na namumuno rito. Sa totoong lipunan naman ngayon, may mga proyekto na nakatutulong sa mga kapuwa natin upang umunlad nang sama-sama at tulong-tulong para sa ekonomiya, gayunpaman hindi pa rin ito sapat. Maaaring may mga inilalatag na plano para sa pagpapaunlad at pagtulong sa ating kapuwa Pilipino, ngunit hindi ito konkreto at walang kasiguraduhan.

6. Pagiging mangmang sa paggamit ng pera

   *Sa panahon ngayon ay tinatawag na itong pagiging "financially illiterate". Nasuri mula sa nobela na may mga tauhan na hindi marunong o mangmang sa paggamit ng pera kung saan inilahad ang pagkatalo ni Kapitan Tiago sa sugal na sabong na nagpapakita ng malaking paglustay ng pera.*

Sa kasalukuyang panahon, unti-unti nang nilulutasan ang suliranin na ito sa lipunang Pilipino. Marami na ang nagsasagawa ng iba't ibang palihan patungkol sa tamang paggamit ng pera. Gayundin, marami na ang kumakalat na mga bidyo sa mga social media platforms na naglalaman ng gabay o tips kung paano hawakan ang pera na ginagawa ng mga financial advisor. Sa artikulo ni Alip (2023), inilahad dito ang tungkol sa financial literacy, sinasabi na mainam na inuuna ng Bangko Sentral ng Pilipinas ang financial literacy and education na mga programa dahil mula sa datos ng Financial Inclusion Survey noong 2021, makikita na kapag tinatanong ang mga Pilipino patungkol sa usaping paggamit ng pera, dalawa lamang sa sampung Pilipino ang nakasasagot ng tama sa lahat. Mahalaga ang pera dahil ito ang sagot upang magkaroon ng mga pangangailangan kaya dapat na ang tamang paggamit nito ay ikalat sa buong lipunang Pilipino upang unti-unti na ring masolusyonan ang suliranin sa kahirapan.

7. Siraan sa pagitan ng mga negosyante/kalaban sa negosyo

   *Isa si Padre Damaso sa nirerespeto at kinatatakutan na kura sa San Diego dahil maling galaw, hindi pagsunod mo lamang sa kaniya ay hindi ka na masisikatan pa ng araw. Kaya niyang gawin ang kahit na ano gaya na lamang ang paninirang-puri sa kapwa negosyante upang siya lagi ang makilala sa bayan.*

Sa kasalukuyang panahon na marami na ang negosyo nagkalat at madalas ay pare-parehas lamang ng produksyon, hindi na maaalis ang siraan ng mga negosyante upang umangat lamang ang sarili nilang negosyo. Sa ulat ni Garzon (2020) makikita ang kaugnayan ng suliranin na ito sa nangyaring insidente. Dito, binanggit na isang negosyante sa Cavite ang namaril sa 4 na kapitbahay bago binaril ang sarili dahil sa sama ng loob nito sa paninira ng mga biktima sa maliit niyang negosyo na construction project. Nakalulungkot ngunit hindi naiiwasan ang ganitong suliranin dahil tanyag sa lipunang Pilipino ang panghihila pababa sa mga taong nakaaangat. Ngunit kahit ganoon pa man, mas marami pa rin ang mga taong sumusuporta na sa bawat isa lalo na sa mga maliliit at nag-uumpisa pa lamang na negosyo. Ito ang prinsipyo na ipinalalaganap sa panahon ngayon lalo na noong nagkaroon ng pandemya na halos lahat ng tao ay naghikahos.

8. Pagtatrabaho ng bata

   *Noon pa naman, suliranin na ng lipunan ang pagtatrabaho ng mga bata sa ating bayan. Sa hirap ng buhay, kinakailangang magbanat ng buto ang mga bata upang may makain sa pang-araw-araw. Halimbawa na rito ang dalawang magkapatid na sina Crispin at Basilio. Dahil sa pagmamahal nila sa kanilan pamilya, minabuti nilang magtrabaho sa simbahan upang may mabigay sa kanilang ina na si Sisa.*

Hindi maikakaila na hanggang ngayon ay nananatili pa rin ang suliranin hinggil sa child labor ng lipunan lalo na't marami pa ring kabataan ang nakararanas nito sa lansangan kung saan nagtatrabaho sila upang kumita ng salaping pangtustos sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Ayon sa batas, ang bawat tao ay may karapatan sa sapat na edukasyon bilang isa sa mga basikong pangangailangan ng isang tao. Ngunit, hindi maikakaila na hanggang ngayon ay nananatili pa rin ang suliraning child labor sa ating lipunan. Maraming bata pa ring nakikita sa lansangan na nagtatrabaho upang kumita ng salaping panustos sa araw-araw. Sa huling tala ng Philippine Statistics Authority noong 2023, tinatayang nasa 4.7 na porsyento ang mga nagtatrabahong bata na nasa edad 5 hanggang 17 na taon sa taong 2022. Kung itutumbas sa bilang, tinatayang nasa 1.40 na milyon ang nagtatrabahong bata na nasa edad 5 hanggang 17 na taon sa taong 2022 dito sa Pilipinas. Dagdag pa, ito tumaas mula sa nagdaang dalawang taon. Ang datos na ito ay nagpapatunay na pataas nang pataas ang mga

batang nagpapakahirap na magtrabaho upang kumita dahil kinakailangan kaysa nag-aaral sa loob ng paaralan.

9. Pang-aabuso sa bata

*Naipakita sa nobela na bata pa lamang sila ay nagtatrabaho na upang makatulong sa kanilang pamilya. Hanggang sa kanilang pagtatrabaho ay naabuso rin ang mga bata at kapag hindi nila nagawa ang isang gawain ay sila ay pinapalo o ikinukulong na naging bunga nang pagkamatay ni Crispin.*

Makikita na hanggang sa ngayon ay hindi natitigil ang pang-aabuso sa mga bata sa ating lipunan. Lalo pang pinaiigting ang batas upang mas lalong bumaba pa nang patuloy ang bilang ng mga kaso na ito hanggang sa mawakasan na.

10. Pang-aabuso sa kababaihan

*Bukod sa pang-aabuso na dinanas ni Sisa mula sa kaniyang asawa, marami pa siyang naranasan mula sa mga taong kumukutya sa kaniya dahil lang sa nawalan ito ng bait matapos hindi makita ang dalawang anak na sina Crispin at Basilio.*

Ang pang-aabuso sa kababaihan ay isa rin sa mga nagpapatuloy na suliranin sa ating lipunan. Marami ang nakararanas ng ganitong pang-aabuso, may mga asawa babae na inaabuso ng asawang lalaki, may mga anak na inaabuso ng magulang, at kababaihan na inaabuso ng ibang tao. Sa panahon ngayon ay may umiiral ng batas, ang RA 9262 o ang Anti-Violence Against Women and Their Children Act (VAWC Law). Ang batas na ito ay ginawa upang protektahan ang kababaihan at mga batang sa kahit porma ng pang-aabuso. Sa naging karanasan ni Sisa sa nobela, hindi lamang ang kaniyang asawa ang umabuso sa kaniya gayundin ang kapuwa niya babae gaya ni Donya Consolacion na maging sa kasalukuyan ay danas din ng ilang kababaihan–dahil lamang sa mababang pagtingin nila sa mga ito at pagbibigay ng paunang opinyon nang hindi nalalaman ang tunay na pinagmulan nito.

11. Komplikadong sitwasyon ng edukasyon

*Nasuri ng mga mananaliksik ang suliranin na ito sa mga kaganapan noong nagnanais ang tauhan na si Crisostomo Ibarra na makapagpatayo ng paaralan para sa mga bata, gayunpaman taliwas ang ilang kura dito dahil sa maaari nitong kalalabasan.*

Batay rito, masusuri na ilan sa mga hindi nagpapahalaga sa edukasyon ay ang mga makapangyarihang kura na takot matuto ang mga Pilipino dahil maaari itong maging pundasyon ng pag-aklas mula sa kanilang mga kamay. Hanggang sa kapakanan ng edukasyon ay ginagamit nila ang kanilang mga kapangyarihan upang makamit ang tanging ninanais para sa sariling kapakanan. Walang pakialam ang mga kura sa magiging lagay ng mga mamamayan na kanilang sinasakupan basta nakapagsisilbi sila at nakukuha nila ang kanilang nais. Kilala ang mga kura na nagbibigay ng payo sa mga mamamayan kaya naman kahit anong sabihin nito ay waring tama at nararapat para sa isipan ng mga tao. Kaya naman malaki ang naging impluwensiya nito sa mga tao na hindi unahin ang edukasyon sa buhay. Binanggit mula sa ulat ni Eclarinal (2023), “Kulang pa rin ng 2.5 milyon na mag-aaral ang Department of Education (DepEd) sa target nitong 28.8 milyong mag-aaral para sa school year 2023 hanggang 2024. Ito ay matapos ang ikalawang linggo ng klase kung saan 26.3 milyon ang opisyal na naka-enroll na mga mag-aaral sa elementarya at high school”. (para. 1 - 2). Sa panahon ngayon ay nakatanim na sa isipan ng karamihan sa mga Pilipino ang kahalagahan ng edukasyon. Ngunit, may iilan pa ring hindi nagpapahalaga sa karunungang matatamo mula sa pag-aaral. May iilan pa ring pamilya na may mga anak na hindi nag-aaral na kung minsan ay dala na rin ng matinding kahirapan. Gayunpaman, kagaya ng nakasaad sa itaas, ang mga taong nasa katungkulan at may responsibilidad na solusyonan ang suliranin na ito ay kumikilos upang makuha ang hinahangad na bilang ng mga batang dapat na makapag-aral sa bansang Pilipinas.

12. Pagkakalat ng maling balita o palapalagay/Paninirang puri

*Batay sa naging pagsusuri, lumalabas ang pagkalat ng maling balita o paninirang puri mula sa mga tauhan ng nobela na kung saan naranasan ito ni Crisostomo Ibarra mula sa mga taong nakapaligid sa kaniya hinggil sa pag-uusap nila ni Padre Damaso.*

Sa kasalukuyan, ilan sa kinakaharap na suliranin ngayon sa bansa ay ang “tsismis” o “pagmamarites” lalonglalo na sa buhay ng ibang tao. Isa ito sa nangyayaring suliranin sa panahon ngayon na nagdudulot ng hindi magandang bagay sa buhay, lalo na sa buhay ng taong pinaguusapan. Batay sa ulat ni Rico (2023), “Isinama sa panukalang batas laban sa workplace bullying na inihain sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang pagpapakalat ng tsismis at maling impormasyon bilang isang uri ng offense”. Naging mainit na usapan na rin ito sa kasalukuyang panahon dahil sa malaki at masama nitong naidudulot sa buhay ng mga tao. Palala nang palala ang ganitong suliranin na umaabot hanggang sa paninirang puri ng isang tao. Madalas itong mangyari sa pagitan ng mga taong nasa iisang lugar, maaaring sa isang purok, trabaho, paaralan, at iba pa. Kaya naman, mas lalong pinaiigting ang batas laban sa ganitong suliranin upang mawakasan na. Sa ngayon ay may umiiral ng batas laban dito, ang RA 10173 o ang Data Privacy Act of 2012. Ito ay may layon na protektahan ang mga personal na datos at impormasyon ng isang tao na ikalat o pagusapan sa sistema ng gobyerno at pribadong sektor. Dahil dito ay mas nagiging seryoso na ang pagtingin sa ganitong suliranin.

13. Seksuwal na pang-aabuso

*Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong uri ng suliranin sa kaganapan na kung saan ay naliligo sina Maria Clara at ang kaniyang mga kaibigan sa ilog nang hindi namamalayan na*

*sinisilipan na pala sila ni Padre Salvi.*

Ang pangyayaring ito sa nobela ay umiiral din sa tunay na buhay hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo; na nangangahulugan na ito ay pag-abuso rin sa karapatan ng mga kababaihan. Ayon nga sa Artikulo ni Murray (2021) na mayroong tatlong babae sa mundo ang nakararanas ng seksuwal na pang-aabuso, at ang kadalasang biktima ay mga kababaihang nasa edad 15-45 sinasabi na mas marami pa ang biktima ng seksuwal na pang-aabuso kaysa sa inilabas na resulta sapagkat tikom ang mga bibig ng mga biktima dahil na rin sa kultura at lipunang ginagalawan.

14. Pagsusugal

*Makikita ang ganitong suliranin sa mga ilang kaganapan sa nobela na kung saan ay ipinagdiriwang ng mga tao sa San Diego ang bisperas ng Pista kung saan inilahad ang pagdating ng mga kilalang tao sa sabungan.*

Makikita naman sa nobela ang nakahiligan ng ilang mamamayan ng San Diego, ang pagsusugal (sabong) lalo na noong ipinagdiriwang nila ang bisperas ng Pista rito. Sa madaling salita, kasama na ito sa kanilang tradisyon. Mula rito, pinapatunayan na ang sabong ay laganap noong kapanahunan ng mga mananakop at umiiral pa rin ito maging sa tunay na buhay. Gayunpaman, marami ang nalulong dito lalong-lalo na rito sa Pilipinas na tinatawag nilang "talpak" o "e-sabong". Ito ang suliraning hindi nagdudulot ng maganda sa buhay ng tao, sa pagkalulong sa sugal ay nagdudulot ito ng matinding problema na nagbubunga ng kahirapan.

15. Panlipunang uri

*Ito ay malaking suliranin na makikita sa nobela na kung saan ito ay nagiging basehan ng ilang mamamayan kung paano tratuhin ang isang tao–batay sa katayuan nito sa buhay.*

Ito ay malaking suliranin na makikita sa nobela na kung saan ay ito ang basehan ng mamamayan kung paano tatratuhin ang isang tao. Sa kasalukuyan ay nangyayari pa rin ang ganitong uri ng suliranin, hindi naman maipagkakaila na malaki ang kahalagahan ng antas sa lipunan ng isang tao dahil ito ay may labis na epekto sa kung paano mamumuhay ang mga tao sa lipunang kanilang ginagalawan. Batay sa artikulo ni Paul (2023) na pinamagatang Social Stratification in the Philippines Understanding Class/Divisions and Inequality, isa ang Pilipinas sa mga nahahati batay sa pagkakakilanlan sa lipunan base sa yaman, uri ng trabaho at antas ng edukasyon. Sa tuktok ng social hierarchy sa Pilipinas ay ang mga tinatawag na elites na kung saan binubuo ito ng mga mayayamang indibiduwal na maimpluwensyang politiko at mga negosyante. Kilala sila bilang may hindi mabilang na kapangyarihan, kayamanan at mga mapagkukunan, na kung saan ay may kakayahan silang kontrolin ang sistemang pang-ekonomiya at pampulitika sa bansa. Ang kanilang pribilehiyong katayuan ay kadalasang nagsasanggalang sa kanila mula sa mga paghihirap at hamon na kinakaharap ng karamihan ng populasyon.

16. Pambu-bully

*Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela na kung saan pinintasan ni Doña Victorina ang bahay ng mga indio at inutusan ang asawang paluin ng sumbrero ang mga hindi nagpupugay sa kaniya.*

Mahihinuha sa kabanata na likas na kay Doña Victorina ang panglalait sa kapuwa, sa talas ng pananalita nito at mapagmasid na mga mata ay parang naging hobby na nito ang pambu-bully. Ayon kay Meguin (2022) ang bullying ay ang malaking problemang kinakaharap ng mundo, sa paaralan man o sa onlayn na espasyo. Pito sa sampung estudyante ay nakararanas ng bullying. Sa panahon ngayon ay may ginawa ng batas para rito, ang Republic Act No. 10627 o ang Anti-Bullying Act layon ng batas na ito na maprotektahan ang mga batang nag-aaral laban sa pambu-bully, kinakailangang mapatibay ng mga paaralan ang mga polisiya upang mapagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng bullying sa isang institusyon.

17. Paggamit ng dahas ng mga nasa puwesto

*Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela na kung saan ang mga pari sa Noli Me Tangere at ang mga nasa matataas na posisyon ay ginagamit ang kapangyarihan upang masunod ang kagustuhan, gaya na lamang ng pagpaparusa ng hindi makatarungan at pangbubugbog para lamang mapaamin ang mga taong nagkasala kahit pa inosente ito.*

Isa ito sa suliraning kinakaharap hanggang sa kasalukuyan, ginagamit pa rin ang dahas upang mapasunod ang mga tao lalo na ang mga nasa laylayan. Dahil dito, pinapatunayan lamang na laganap pa rin ang paggamit ng dahas sa kasalukuyan partikular na sa mga taong lumalaban sa kanilang mga karapatan–na kahit sila ang inaabuso, sila pa rin ang tinuturing na kalaban.

18. Pamba-blackmail

*Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela sa kaganapan na tinakot ng mga sibil ang inosenteng si Ibarra gayundin ang kapaganapan sa kung paano takutin ni Donya Victorina si Linares sa pamamagitan ng isang liham.*

Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela sa kaganapan na tinakot ng mga sibil ang inosenteng si Ibarra. Mahihinuha sa kabanata na laganap ang ganitong uri ng suliranin noon, na kung saan ay tatakutin ang isang tao upang mapasunod ito gaya na lamang ng ginawa ni Doña Victorina kay Linares na kung saan ay tinakot nitong ipapabatid niya kay Kapitan Tiago ay hindi siya naging kalihim at hindi nakasama ni Heneral Martinez. Hindi pa rin nawawala ang suliranin sa kasalukuyan, tatakutin ang inosenteng tao para sa sariling kapakanan.

19. Panggagamit/Pananamantala

    *Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela na kung saan ay nagsisihan ang mag-asawang Kapitan Tinong at Kapitana Tinchang tungkol sa nangyari kay Ibarra, nagtuturuan ang dalawa kung sino ang may pakana ng pakikipag-usap kay Ibarra para sa yaman nito.*

Nasuri ng mga mananaliksik ang ganitong suliranin sa nobela na kung saan ay nagsisihan ang mag-asawang Kapitan Tinong at Kapitana Tinchang tungkol sa nangyari kay Ibarra, nagtuturuan ang dalawa kung sino ang may pakana ng pakikipag-usap kay Ibarra para sa yaman nito. Ang ganitong eksena ay nangyayari pa rin sa kasalukuyan na nagpapakita lamang kung gaano kasakim ang isang tao para sa salapi na gagawin ang lahat kahit pa ang panggagamit at pananamantala. Ayon sa ulat ni Garcia (2024) sa Philstar News Ngayon, ay tinawag ng bise presidente Sara Duterte ang pera kapalit ng pirma para sa People's Initiative bilang pagsasamantala sa mga mahihirap. "Ito ay pagsasamantala sa kahirapan ng ating mga mamamayan at kawalan ng respeto sa kanilang karapatan na magdesisyon nang malaya, walang takot, o impluwensya gamit ang salapi," ayon kay Duterte.

20. Extra-judicial na pagpatay

    *Ito ay nasuri ng mga mananaliksik mula sa dinanas ng tauhan na si Tarsilo sa kamay nina Alperes, Doña Consolacion, at mga guwardiya sibil noong siya ay pinaamin ng Alperes kung ano ang ipinangako ni Ibarra sa kaniya bilang kapalit ng gagawing paglusob sa kuwartel.*

Sa ngayon ay may mga naitatala pa ring ganitong suliraning panlipunan sa ating bansa. Banggit sa ulat ni Laqui (2024) sa PhilStar Global, "A report from the United States (U.S.) Department of State said that extrajudicial killings (EJKs) in the Philippines remain a "serious problem". Dagdag pa, "The U.S. State Department attributed the EJKs to the "arbitrary or unlawful killings by police in connection with anti drug operations" as the administration of President Ferdinand Marcos Jr. continued the war on drugs started by his predecessor, former President Rodrigo Duterte" Ang suliranin na umiiral din sa ating bansa. Ito ay dulot ng labis na kagustuhan na mawakasan ang paggamit ng bawal na gamot. Ngunit, kung minsan ay siya na ring sinasamantala ng mga taong nasa posisyon na magbigay ng hatol o parusa sa mga taong nahuhuli na tunay na nagkasala at hindi tunay na nagkasala.

21. Tangkang pagpatay

    *Ang suliranin na ito ay may malaking bahagi sa mga kaganapan na nangyari sa nobela gaya ng ginawa ng Taong Madilaw kay Crisostomo Ibarra sa araw ng paghuhugos.*

Nasuri ng mga mananaliksik ang tangkang pagpatay na ginawa ng Taong Madilaw kay Ibarra gayundin ang pagtatangka ng binata sa buhay ni Padre Damaso. Ang ganitong kaganapan ay maaaring makapagbago sa mga susunod pa na kaganapan sa nobela. Sa kasalukuyang lipunan ng Pilipinas, nananatili pa rin ang suliranin o isyu na ito. Batay sa ulat ni De Galicia (2023), "Judge Michael Vito of the Regional Trial Court of Gumaca Branch 172 on Tuesday, April 25, sentenced four Quezon province cops from five years and eight months to ten years of imprisonment for the attempted murder on November 1, 2018 of pedicab driver Roger Herrero Jr.". Sa ulat na ito ipinapakita na ang ganitong suliranin ay nangyayari pa rin at maaaring gawin ng kahit sinong tao sa lipunan. Malaki ang naging epekto nito lalo na sa naging biktima. Ang suliranin na ito ay mapahamak at kalaunan ay mas pinag-iigting pa at isinasabatas ang pagpuksa.

22. Pagdidikta/Diktatoryal

    *Ang pagdidikta ng tauhang si Padre Damaso sa nobela ay nasuri ng mga mananaliksik sa pakikitungo niya kay Kapitan Tiago para sa anak na si Maria Clara. Isa itong suliranin na mayroong malaking epekto sa buhay ng magamang sina Kapitan Tiago at Maria Clara.*

Hindi lingid sa kaalaman ng mga Pilipino ang pamamahalang diktatoryal na nangyari noong pamumuno ng dating pangulong si Ferdinand Marcos Sr., ito ay pilit na nilaban at winakasan dahil sa nangyaring EDSA People Power Revolution. Sa artikulo ni Sanchez (2021) inilahad ang dahilan ng rebolusyon na ito. Noong Pebrero 22 hanggang 25 taong 1986, daang libong mga Pilipino ang nagkaisa sa Epifanio de los Santos Avenue o EDSA upang magprotesta laban kay dating Pangulo Ferdinand Marcos Sr. at dahil sa pagako nito ng pagkapanalo sa eleksiyon laban kay Corazon Aquino.

23. Pagrerebelde

    *Sa nobela, nasuri ng mga mananaliksik ang pagrerebelde na nakita sa pangkat ng tauhan na si Kapitan Pablo. Nasabing isa itong suliranin dahil sa mga kaguluhan na idinudulot nito sa buong lipunan. Ngunit, inilahad na ito ay bunga ng pang-aabuso na ginawa sa kanila ng mga taong nasa posisyon at may kapangyarihan.*

Ang pagrerebelde ay isa sa mga suliraning bunga ng paghahangad ng ilang mamamayan na wakasan ang pamamahala na taliwas sa kanilang paniniwala at umaabuso sa kanila. Sa kasalukuyan, mayroong pangkat sa ating bansa na may parehong layunin kagaya ng pangkat ng tauhan na si Kapitan Pablo sa nobela. Ang pangkat na ito ay tinatawag na NPA o New People's Army. Sa ulat ni Samonte (2024) sinasabi na noong Enero 13, 2024, mayroong ipinaskil na bidyo sa opisyal na akawnt ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. kung saan sinasabi niyang wala ng aktibong NPA na kampo at pangkat simula Disyembre 2023. Ayon pa raw sa tala ng AFP o Armed Forces of the Philippines, sinasabi niyang maaari nang sabihin ng gobyerno na matagumpay ang naging kampanya nito laban sa mga lokal na terorismo.

24. Paggamit ng bawal na gamot

    *Bukod sa suliraning pagsusugal, ang paggamit ng ipinagbabawal na gamot ay nasuri din ng mga mananaliksik sa tauhang si Kapitan Tiago lalo na't isa ito sa kaniyang libangan na magdudulot din sa kaniya ng kapahamakan.*

Sa ulat ni Caliwan (2024) sa Philippines News Agency sinabi na "Police authorities seized epektibiti. 132 million worth of illegal drugs in the first 18 days of the year, the country's top cop said Monday." (para. 1). Dagdag pa, "In a press briefing at Camp Crame, Philippine National Police (PNP) chief Gen. Benjamin Acorda Jr. said 1,376 anti-illegal drugs operations were launched from Jan. 1 to 18, resulting in the arrest of 1,661 drug suspects." (para. 2). Hanggang sa ngayon ay hindi pa rin nawawakasan ang suliranin na ito sa ating bansa, maging sa global. Isa ito sa mga isyu o suliranin na nagdudulot ng iba pang suliranin na umiiral sa loob ng lipunan. Hindi matigil ang suliranin sa paggamit ng bawal na gamot dahil hindi rin matigil ang operasyon, paglikha, at pagbebenta ng mga taong nasa likod nito. Ngunit kahit na ganoon pa man, umiiral pa rin ang mga batas at proyektong pumupuksa sa suliranin na ito.

*D. Ang Mungkahing Materyal sa Pagtuturo na Angkop sa Pagtatalakay sa mga Suliraning Panlipunan*

Upang mailapat ang mga pagsusuri na nagawa ng mga mananaliksik. Ang awtput ng pag-aaral ay isang mungkahing materyal na offline module/ebook likha mula sa Kotobee Author Application. Ito ay isang interaktibong ebook software at digital publishing platform. Gamit ang aplikasyon na ito ay maraming nailapat na mga feature ang mga mananaliksik na makatutulong upang mas lalo itong maging kagaya-gayak at epektibo sa pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere partikular na sa suliranin panlipunan na sinasalamin nito sa kasalukuyan. Gamit din ang aplikasyon na ito, narito ang mga katangian na mayroon ang awtput, ang mga ito ay mayroong malaking kaugnayan na napulot mula sa kabuoang pagsusuri ng nobela:

1. May disenyo

Ang pagtuturo ng Noli Me Tangere partikular na sa suliraning panlipunan nito ay kinakailangan ng mga makukulay na disenyo o elemento upang mas makakuha ng atensyon ng mga mag-aaral.

2. Nakagagayak ang paggamit ng materyal

Nasuri ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng pagiging nakagagayak ng isang materyal. Upang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral kinakailangan ng mga bagay na mailalapat para dito.

3. Maayos ang mga impormasyon

Ang bawat impormasyon na nakasaad sa aralin ay isinaayos base sa uri ng pagkatuto nito. Sa paraan na ito, mas madaling nahabi ng mga mananaliksik ang mga datos na mahalagang matutuhan para sa pag-aaral.

4. Naglalaman ng mga pampalinang ng kaalaman na gawain

Ito ay mahalaga upang mataya ang pagkatuto ng mga mag-aaral kada kabanata o tauhan na pinag-aaralan sa Noli Me Tangere. Ang mga gawain na ito ay may kaugnay sa bawat tauhan at pangyayari na nakalahad sa bawat pahina ng modyul.

5. Moderno

Ang pagiging moderno ay isang epektibong katangian ng mga kagamitang panturo sa panahon ngayon. Ito ay dahil ang mga mag-aaral ay nasanay nang gumamit ng bagay na madali lamang ang akses nila. Ang awtput ng pag-aaral na ito ay may lapit sa modernong materyal ng pagtuturo at pagkatuto.

6. Pleksible

Ang awtput na nilikha ng mga mananaliksik ay offline module/e-book na maaaring gamitin ng parehang guro at mag-aaral. Ito ay mabubuksan gamit ang aplikasyong Kotobee Reader.

## CONCLUSION

Batay sa natuklasan ng mga mananaliksik, narito ang mga sumusunod na konklusyon: (1) Ang mga representasyong panlipunan ng mga tauhan sa nobela ay nananatiling makatotohanan at nararanasan pa rin ng mga Pilipino sa kasalukuyan; na nagpapatunay sa kaugnayan ng panitikan at lipunan. Ang mga tauhan at kanilang karanasan ay salamin ng mga umiiral na kaganapan sa lipunang Pilipino; (2) Masasalamin din sa nobela ang mga halagahang Pilipino gaya ng kanilang mga gawi, paniniwala, at aral. Pinapatunayan din nito na patuloy itong isinasabuhay at ipinapalaganap hindi lamang sa panitikan kundi sa tunay na buhay; (3) Ang mga suliraning lokal at global ay tunay na nakakaapekto sa mga Pilipinong nakararanas nito. Binibigyang-pansin nito ang walang katapusang pagsira sa kanilang pagkatao sa lipunang kanilang ginagalawan; (4) napatunayan na ang aplikasyong Kotobee Author ay angkop at maaaring gamitin bilang pantulong sa pagtuturo ng mga guro sa kanilang mag-aaral sa nobelang Noli Me Tangere. Makatutulong din ang modyul na ito sa pagbibigay ng mga aral at impormasyon tungkol sa mga nakapaloob na representasyon ng nasabing nobela; (5) Inirerekomenda ng mga mananaliksik na nararapat na malaman ng mga mag-aaral ang mga suliraning panlipunan na magsisimula sa paaralan sa pamamagitan ng kontekstuwalisadong pagtuturo ng nobelang Noli Me Tangere sa sekondarya; (6) Inirerekomenda rin ng mga mananaliksik na ang iminungkahing materyal ng mga mananaliksik na offline module/ebook likha gamit ang Kotobee Author Application ay maaaring maging kagamitang panturo ng mga guro at mag-aaral sa ikasiyam na baitang para sa pagtatalakay ng Noli Me Tangere; (7) Bukod sa mungkahing materyal, inirerekomenda rin ng mga mananaliksik na maaaring makapaglahad pa ng karagdagang kagamitang panturo ang mga susunod na mananaliksik sa mga guro sa Filipino sa pagtalakay ng nobelang Noli Me

Tangere sa sekondarya.

## ACKNOWLEDGMENTS

Ang mga mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng mga tumulong sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito. Sa aming tagapayo na si Instr. Jayson Denaga na nagbahagi ng kaniyang kaalaman at naglinang upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito; Kay Dok. Melvin O. Mortera at Instr. Aira Mitra na nagbahagi ng kanilang kaalaman sa pag-aaral na ito bilang propesor ng kursong ito; Kina Instr. Carina G. Nocillado, Instr. Jaymark A. Monforte, at Dr. Liberty Gay C. Manalo bilang panelista na tumulong sa pagpapalago ng pag-aaral na ito; Sa Rex Bookstore at sa mga awtor ng akdang ginamit na OBRA MAESTRA BATAYANG AKDANG PAMPANITIKAN NOLI ME TANGERE; Sa aming mga magulang na lubos ang suporta sa mga pangangailangang pampinansyal at emosyonal na nagpatatag sa loob ng mga mananaliksik; Sa mga guro ng Noli Me Tangere na tumulong upang maging balido ang instrumentong kinailangan ng mga mananaliksik; Higit sa lahat, ang Poong maykapal na siyang nagbigay ng lakas at tibay ng loob upang maisakatuparan at maging matagumpay ang pananaliksik na ito.

## CONFLICT OF INTEREST

Idinedeklara ng mga mananaliksik na wala itong *conflict of interest.*

## REFERENCES

Albela, E. J. A., & Hila, A. C. (2020). Rizal, the social portraitist. *Philippine Social Science Journal*, *3*(1), 155–172. https://doi.org/10.52006/main.v3i1.117

Alip, J. A. B. (2023, November 12). *Financial literacy for every juan*. https://mb.com.ph/2023/11/13/financial-literacy-for-every-juan

Attwell, A. (2019). E-book [Accessed 17 September 2021]. https://www.britannica.com/technology/e-book

Bansil, A. J. (2019). *Relevance of noli me tangere to the present*. https://pdfcoffee.com/relevance-of-noli-me-tangere-to-the-present-pdf-free.html

Bersamina, J., et al. (2020). *The opportunist*. https://medium.com/ofthepeople/the-opportunist-bc0f189a64b5

Bhandari, P. (2022). *What is qualitative research? — methods & examples*. https://www.scribbr.co.uk/research-methods/introduction-to-qualitative-research/

Caliwan, C. L. (2024). *Cops seize p132-m narcotics in 1st 18 days of 2024*. https://www.pna.gov.ph/articles/1217357

Clarisse, A. (2019). *Noli me tangere: A wake-up call book of revolution*. https://amberclarisse0928.medium.com/noli-me-tangere-a-wake-up-call-book-of-revolution-9268a46b13d6

De Galicia, D. (2023). *4 cops in quezon found guilty in 2018 attempted murder of pedicab driver*. https://www.rappler.com/philippines/luzon/cops-quezon-province-found-guilty-2018-attempted-murder-pedicab-driver-april-2023/

Eclarinal, B. A. (2023). *Deped, hindi pa rin naaabot ang target na bilang ng mga mag-aaral para sa sy 2023-2024*. https://www.bomboradyo.com/deped-hindi-pa-rin-naaabot-ang-target-na-bilang-ng-mga-mag-aaral-para-sa-sy-2023-2024

FEU Advocate. (2022, February 25). *Mula sabungan patungong birtwal na soltada: Ang pagsugal sa walang katiyakan*. https://feuadvocate.net/mula-sabungan-patungong-birtwal-na-soltada-ang-pagsugal-sa-walang-katiyakan/

Garcia, D. (2024). *Pera palit pirma' sa people's initiative, pagsasamantala sa kahirapan - vice president sara*. https://www.philstar.com/Pilipino-star-ngayon/bansa/2024/01/21/2327334/pera-palit-pirma-sa-peoples-initiativepagsasamantala-sa-kahirapan-vice-president-sara

Garzon, M. R. (2020). *Negosyante sa cavite, namaril ng 4 kapitbahay bago binaril ang sarili dahil umano sa paninira*. https://rmn.ph/negosyante-sa-cavite-namaril-ng-4-kapitbahay-bago-binaril-ang-sarili-dahil-umano-sa-paninira/

Goneda, M. T., Omadto, A. L., Kho, K. M., Casimiro, J. T. N., Esguerra, A. R. C., Gaudicos, E. M., & De La Cruz, R. J. (2021). An interactive e-learning design for the grade 12 tvl-ict programming using kotobee of lagro senior high school. *International Journal on Integrated Education*, *2*(4), 256–261. https://doi.org/10.31149/ijie.v4i4.1673

Jimenez, J. (2021). *Rizal's social cancer still lingers today*. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2021/12/30/2150894/rizals-social-cancer-still-lingers-today

Jimenez, J. (2023). *Dr. jose rizal's social cancer today*. https://www.philstar.com/the-freeman/opinion/2023/06/20/2275212/dr

Laqui, I. (2024). *Ejk remains a 'serious problem' in the philippines — u.s. state department*. https://www.philstar.com/headlines/2024/04/24/2350107/ejk-remains-serious-problem-philippines-us-state-department

Luzano, J. F. (2020). Development and validation of strategic intervention materials (sims) of the selected topics in trigonometry of precalculus discipline in senior high school. *Journal of Mathematics and Statistics Studies*. https://doi.org/10.32996/ijllt.2020.1.2.3

Mabalhin, J. Q. (2020). Pagpapakahulugan sa nobelang noli me tangere: Isang hulwarang gabay sa pagtuturo. *International Journal of Research Studies in Education*, *9*(3). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5822

Meguin, J. (2022). *Stop bullying in the philippines: An epic guide for parents, teachers, and students*. https://jefmenguin.com/bullying/

Meiliana, S. (2019). Sociology of literature. http://repository.unas.ac.id/712/1/B2.pdf

Mojarro, J. (2023). *Sisa: Examining a mother's madness—today and now*. https://www.thediarist.ph/sisa-examining-a-mothers-madness-today-and-now/

Murray, L. (2021). *Who: Isa sa tatlong babae sa buong mundo, nakakaranas ng pisikal o sexual na pang-aabuso sa kanilang buhay*. https://www.sbs.com.au/language/filipino/fil/podcast-episode/who-a-global-study-of-violence-against-women-paints-a-horrifying-picture/zxfexqh7k

Nguyen, T. T. Q., Ha, T. L., Lai, P. L., & Nguyen, M. D. (2021). The effect of using e-books in teaching at high schools in hanoi, vietnam. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/355898315_The_Effect_of_Using_E-Books_in_Teaching_at_High_Schools_in_Hanoi_Vietnam

Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. *Malay Journal*, *32*(1). https://doi.org/10.59588/2243-7851.1103

Paul. (2023). *Social stratification in the philippines: Understanding class divisions and inequality*. https://phfinance247.com/guide/social-stratification-in-the-philippines-understanding-class-divisions-and-inequality/

Philippine Revolution Web Center. (2024). *Pamilya ng bilar 5, tinatakot ng militar para iatras ang planong awtopsiya*. https://philippinerevolution.nu/angbayan/pamilya-ng-biar-5-tinatakotng-militar-para-iatras-ang-planong-awtopsiya/

Reyes, M. (2023). Kritisismo sa new testament pinoy version catholic edition: Isang suring-salin. *Bedan Research Journal*, *8*(1), 364–388. https://doi.org/10.58870/berj.v8i1.58

Rico, B. E. (2023). *Pagpapakalat ng tsismis at maling impormasyon, isinama sa panukalang batas laban sa workplace bullying bilang isang uri ng offense*. https://www.bomboradyo.com/pagpapakalat-ng-tsismis-at-maling-impormasyon-isinama-sa-panukalang-batas-laban-sa-workplace-bullying-bilang-isang-uri-ng-offense

Roman, J. G. Q., Reyes, W. M., Valencia, M. C., & Tantengco, N. S. (2015). Pilosopiyang pang-edukasyon ni rizal: Isang pilosopiyang pilipino sa edukasyon. *The Normal Lights*, *8*(2). https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/20

Samonte, S. C. (2024). *There's no need for ph to have another army like the npa*. https://www.pna.gov.ph/opinion/pieces/824-theres-no-need-for-ph-to-have-another-army-like-the-npa

Sanchez, M. J. (2021). *The people power revolution, philippines 1986*. https://origins.osu.edu/milestones/people-power-revolution-philippines-1986

Siano, L., & Potane, J. (2021). Using interactive e-books to improve students' academic achievement in mathematics. *SSRN Electronic Journal*. https://doi.org/10.2139/ssrn.4057714

Thalia, J. (2018). *Hustisya naman oh!* https://hustisyanamanoh.wordpress.com/

Torres-Yu, R. (2016). Usapin ng kapangyarihan at muling pagsasalaysay ng carancal. *Humanities Diliman*. https://humanitiesdiliman.upd.edu.ph/index.php/lagda/article/view/5181

Tugano, A. C. (2021). Ang noli me tangere at el filibusterismo ni jose rizal bilang mga post-kolonyal na babasahin: Isang paglalarawan sa umuusbong na kultura ng pagtuturo at pagkatuto sa mga piling paaralan sa lungsod ng marikina, metro manila. *Ournal Sa Filipino ng Pambansang Samahan Sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF)*, *5*(1). https://philarchive.org/rec/TUGANM

Tusoy, M. S. (2023). *Digitized kotobee interactive learning e-book: Its effect on academic performance of grade 9 students in science*. https://doi.org/10.5281/zenodo.7750475

Villamin, J. (2022). *Maria clara, and why she is not the face to represent young filipinas*. https://www.globalwe-essays.org/winning-essays/2022/6/9/maria-clara-and-why-she-is-not-the-face-to-represent-young-filipinas-by-jerrold-villamin